# Pag-iwas sa condensation at amag

**Ang mga sumusunod ay makabuluhang impormasyon kung paano maiwasan ang pag-buo ng condensation sa inyong tahanan at kung paano pigilan ang paglaganap ng amag.**

## Ano ang condensation?

Ang condensation ay ang pagbabago ng hamog sa hangin patungo sa kaniyang anyong tubig. Ito ay nangyayari kapag ang mainit at mamasa-masang hangin ay dumikit sa isang malamig na bagay. Ang condensation ay maaaring maging sanhi sa paglaganap ng mga amag sa mga kasangkapan, pader, at mga damit na posibleng magdulot ng pagkasira sa inyong tahanan at mga kagamitan.

## Ano ang amag?

Ang amag ay mabalahibong pag lago ng maliliit na fungi. Ang amag ay kadalasang na-mumuo kapag naipon ang condensation. Maaaring makita ang amag sa mga pader, kasangkapan at mga damit. Ang amag ay kadalasang kulay itim o berde.

### Ang mga amag ay maaari lamang mabuhay sa mamasa-masang kundisyon

Sa ganitong kundisyon, ang mga amag ay maaaring tumubo at patuloy na magparami kung walang mga hakbang na susundin upang tanggalin ito at ang pinanggagalingan ng hamog. Ang mga lugar kung saan pwede tumubo ang amag ay ang paliguan, dutsa, bintana, ilalim ng tumutulong kisame, at mga kanal.

### Paano ko mababawasan ang condensation at pagkaumido sa aking tahanan?

**Upang mabawasan ang condensation, subukang bawasan ang hamog sa hangin sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos na daloy ng hangin sa inyong tahanan.**

**Ito ay magagawa sa pamamagitan ng:**

- Buksan ang mga bintana at mga pinto (kung ito ligtas gawin)
- Gumamit ng bentilador upang magkaroon ng maayos na ikot ng hangin
- Gumamit ng bentilasyon sa kusina at palikuran upang makaikot ang hangin
- Siguraduhing maayos ang bentilasyon sa inyong bahay kung gumagamit ng panuyo
- Ang mga kasangkapan ay hindi dapat nakadikit sa mga kader
- Subukang huwag lagyan ng maraming gamit ang mga kwarto at kabinet
- Kung maaari, patuyuin ang mga damit sa labas o sa malamig na parte ng inyong ta-hanan
- Gumamit ng pampainit na bentilasyon (fan heater) sa mamasa-masang mga silid ilang minuto bawat araw
- Ang mga pampainit ay mainam na paraan upang matuyo ang mamasa-masang hangin
- Gumamit ng pangtanggal ng basa (de-humidifier o moisture absorbers). Ang mga ito ay nabibili sa mga hardware at ilang pamilihan.

### Pagtanggal ng amag

**Upang matanggal ang amag na tumutubo sa inyong mga tahanan, subukan ang su-musunod:**

- Magsuot ng kagamitang pang proteksyon tulad ng guwantes, pantakip sa ilong at sal-amin
- Tunawin ang 1 kutsarang tea tree oil sa isang basong tubig at wisikan ang maamag na ibabaw. Iwan ito ng ilang minuto bago punasan ng mamasamasang basahan
- Punasan ito gamit ang malinis na basahan na mayroong bi-carb soda at suka

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au